1

"Rob, magsabi ka nga ng totoo, bakit ba palagi mong iniinis si Lara?" tanong ni Brett Oclarit, ang kanyang pinsan at kaibigan. Nasa bar siya na pag-aari nito.

Isang pekeng ngiti ang iginawad niya rito. Anuman ang nararamdaman niya para sa petite na si Lara ay hinding-hindi niya aaminin sa lalaki. Ayaw niyang pagtawanan siya nito at tuksuhin. Ililihim niya ang totoong dahilan.

"Hanggang ngayon ay nagbabangayan pa rin kayo. At first, nakaka-stress kayo but later on, I find it interesting. Ikaw pa ang madalas na nauunang mang-inis," dagdag nito na may makahulugang tingin.

Bumuntong-hininga si Robert. "Ano'ng gusto mo, maging sweet kami? Sobra-sobra na nga ang sweetness ninyo ni Yvette 'tapos dadagdag pa kami? That would be too much. Besides, gusto kong iniinis si Lara. Madali kasi siyang mapikon. Gusto kong nakikita siyang galit. Namumula kasi siya which I find cute," nakangising pahayag niya.

"Cute, huh?" Brett looked at him quizzically.

Hindi niya dapat sinabi ang salitang iyon dahil

may ibang iisipin ang kanyang pinsan. Ngunit nadulas ang kanyang dila. Nakipagtagisan siya ng titig sa lalaki.

"What?" he asked.

"I have a suspicion na gusto mo siya."

Kumunot ang kanyang noo. "Paano mo naman nasabi iyan? If I like her, I should have charmed her with beautiful words but I don't."

"Well, alam kong mahilig ka sa mga petite women. Ang hindi ko maintindihan ay kung bakit ayaw mong pumasok muli sa pakikipagrelasyon. Don't tell me na hindi mo pa nakalimutan ang past love mo?" Brett prodded.

Robert frowned at the mention of his past relationship. "Don't be ridiculous, matagal nang nangyari iyon." If he would be honest, he'd say that he found it hard to trust a woman again with his heart. It had been broken once. At hindi niya kaya na muling masaktan. Isa pa, kung nais lamang niya ng warm flesh in his bed, there were many willing females who only wanted a good tumble in bed and no strings attached.

But Lara Cruz was a different story. Napukaw ang interes niya sa babae simula nang una silang nagkita.

Unfortunately, nagkamali siya ng approach by calling her 'little girl'. Hindi rin niya batid na ang babae ay best friend ng babaeng inibig ng pinsan niya.

Lara despised him from their first meeting. Seeing her displeasure, he didn't think of apologizing or correcting his manner. Idinaan na lamang niya sa pang-iinis ang kanyang attraction sa babae.

"So, hindi attractive si Lara sa iyong paningin?" untag ng pinsan sa kanya habang ang mga mata nito ay nakatutok sa entrance ng bar.

Hindi siya lumingon upang tingnan kung sino ang nakakuha ng atensyon nito. "Brett, don't tell me na tumitingin ka pa rin sa ibang babae? Kapag nalaman ito ng asawa mo, lagot ka," komento niya bilang pag-iiba sa usapan.

Tumawa lang ito. "This one is special," he smiled devilishly at kumindat pa ito sa kanya.

Robert suddenly became suspicious. "Special?" Napalingon siya sa direksyon kung saan nakapako ang mga mata ng pinsan.

Lihim siyang napangiti. Patungo si Lara sa kanilang puwesto. Napasimangot ito nang makita siya. Pero hindi niya maiwasang isipin kung ano ang sadya ng dalaga. Straight itong nakatingin kay Brett

at ngumiti. He only watched her every expression. She didn't bother hiding her 'feelings' toward him.

"Hi, Brett, good evening," bati nito sa kanyang pinsan. She deliberately ignored him.

Tumikhim si Robert upang magpapansin, pero nagpatuloy lang ang dalaga na parang hindi siya nito nakita at narinig.

"Brett, as I have said when we talked on the phone, maaari ba tayong mag-usap in private?" tanong ni Lara na hindi man lang tumitingin sa kanya.

"Of course. We can get out of here and talk somewhere private."

Hindi naman papayag si Robert na patuloy siyang ignorahin ng babae. "Lara, sa tingin ko, you gained weight." Sinadya niya ang komentaryong iyon kahit hindi naman totoo. Paraan lang niya iyon upang tumingin ito sa kanya.

Two black beautiful eyes stared at him furiously. "Hindi ko hinihingi ang opinyon mo. Wala kang pakialam kung tumaba man ako. Keep your words to yourself, arrogant ass," she said in controlled anger.

Napangisi siya rito, nakuha rin niya ang gustong mangyari.

Ngunit bago pa man humaba ang palitan nila ng mga salita, sumabad na si Brett. “Lara, let’s get out of here.” Tiningnan nito nang matalim ng pinsan bago inayang lumabas ang babae. Lara also gave Robert a dagger look. Tinapunan niya lamang ng isang nakakalokong ngiti ang dalaga at kinindatan pa.

Kung hindi ito iginiya ni Brett palabas, siguradong nakatikim siya ng maaanghang nitong salita. She had a sharp tongue to retort his rudeness. Tiyak na babawi ito sa susunod nilang pagtatagpo.

Robert Salcedo was a thirty-three-year-old lawyer. Single and free. Matangkad siya at well-built ang kanyang katawan. He liked going to the gym to stay fit. He dressed himself well and was always clean-shaven. Women considered him a good catch, ngunit wala siyang panahon sa pakikipagrelasyon. He preferred one-night stands with women who also didn’t want commitment.

Ang kanyang ina ay ilang beses nang sumubok na ipares siya sa mga anak ng mga kakilala nito on blind dates. Ilang beses niyang pinagbigyan ito. Unfortunately, all the dates did not work out. Tumigil na rin ang kanyang ina sa pagrereto sa kanya ng kung sinu-sinong babae.

———————

Kung binanggit lang sana ni Brett kay Lara na kasama nito sa bar ang kumag nitong pinsan ay talagang hindi siya mapapadako roon. She liked Brett, ngunit hindi niya gusto ang kaibigan at pinsan nitong si Robert.

At kung alam lang sana niyang nandoon din ang lalaki, nakipagkita na lamang siya kay Brett sa ibang lugar. It was too late when she stepped inside the bar and found the cousins in one table. Nagdalawang-isip siyang lumapit sa lalaking sadya, ngunit nang mapansin siya ni Brett ay hindi na siya nakatalikod pa. Lumapit pa rin siya sa magpinsan.

Napabuga na lamang siya ng hangin habang palapit sa puwesto ng dalawang lalaki. Lihim siyang napamura nang makita ang nakakalokong ngiti ni Robert, ngunit hindi niya ito pinansin. Pero alam niyang gagawa ng paraan ang abogado upang pansinin niya ito. Kung babae lamang ito ay talagang sinabunutan na niya ito noon pa.

Mabuti na lang at hinila siya ni Brett paalis ng bar bago pa siya magwala. Makikita ng Robert na iyon!

“I see, you always sided with your cousin,” reklamo niya nang nasa isang coffee shop sila. Malapit lang iyon sa bar.

"Not always. Alam mo namang I like seeing the two of you sparring with harsh words. Ikaw lang kasi ang kaisa-isang babae na nakakagawa ng ganoon sa pinsan kong iyon. Women actually fall for his charm and gentle words, ngunit pagdating sa 'yo ay ibang kulay ang kanyang ipinapakita. I find it interesting. Please, don't hold it against me. I know it's his way to get your attention," paliwanag ng lalaki. Simula nang mag-asawa ang best friend ni Lara na si Yvette, ang asawa nito ay awtomatikong naging kaibigan na rin niya.

"My attention?" she sounded incredulous.

"Yes. Hindi ko maipaliwanag ang motive ng pagiging rude ni Robert sa 'yo, but I'm sure it's deliberate."

"Of course it is," she snapped. "Ako ang ginawa niyang laruan."

Napangiwi si Brett. "I'm sorry for his behavior toward you. Alam kong hindi mo kasalanan ang madalas ninyong engkuwentro." The man was sincere and apologetic.

"Hindi mo kailangang humingi ng sorry, hindi mo naman kasalanan ang kung anong klaseng pag-uugali meron ang pinsan mo. Anyways, iba ang dahilan kung

bakit gusto kong makipagkita sa 'yo without Yvette's knowledge. I want to buy her a gift for her coming birthday, ngunit hindi ko masiguro kung meron na ba siyang set ng items na balak kong iregalo," pag-iiba niya sa usapan. Ayaw niyang patuloy nilang pag-usapan ang asshole na iyon.

Nag-usap sila nang kalahating oras. Naunang nagpaalam si Lara pero nag-alok si Brett na ihatid siya pauwi na hindi niya tinanggihan. Masaya siya na nakatagpo ang kanyang matalik na kaibigan ng lalaking tulad ng napangasawa nito.

Siya man ay nangarap na magiging masaya rin kapag nag-asawa na. Iyon nga lang, nasa ibang bansa ang kanyang katipan at nagtatrabaho roon. Hindi na sila madalas na nagkakausap dahil abala ito sa trabaho. She would surprise him one of these days.

Samantala...

Parang kinikiliti si Robert habang ini-imagine niya ang hitsura ni Lara nang magkita sila sa bar noong gabing iyon. Inasahan na niyang sa susunod nilang pagtatagpo ay may matatalas at maaanghang itong salitang ibabato sa kanya.

Immune na siya sa mga harsh words nito. He actually liked hearing it.

Never pa kasi siyang namura, and cursed him as much, only little Lara did. He found her interesting and exciting that it turned him on when he gazed into her eyes.

Kung alam lang ng babae kung paano nagre-react ang katawan niya rito, tiyak na abot hanggang langit ang bilang ng mura nito.

Napangiti na lamang siya sa sarili at ini-imagine na nakatabi niya ang babae, at nanlalambot ito sa mga haplos niya.

Nagmamadaling nagmaneho si Lara Cruz patungo sa simbahan para sa binyag ng anak nina Yvette at Brett. Tatayo siya bilang ninang sa bata.

Napangiwi siya nang makita si Robert Salcedo sa simbahan. Kinuha rin kasi ito ng mag-asawa bilang ninong.

Tumingin sa kanya si Yvette at sumenyas na maupo siya sa tabi ng abogado. Napangiwi siya. Ayaw sana niya ngunit wala siyang choice dahil silang dalawa lang ang kinuhang godparents.

Robert mocked her with his devilish smile. Ikinainis niya iyon.

"I guess, kailangan nating pagtiyagaan ang ating sarili na magkalapit. Don't worry, I won't bite you today," bulong nito sa kanya nang maupo siya sa tabi nito.

Hindi niya ito pinansin. Ngunit hindi niya napigil ang pagkainis nang idikit nito ang sarili sa kanya. Siniko niya ang lalaki sa dibdib. Napasinghap ito at nanlaki ang mga mata na napatingin sa kanya.

She glared at him. "You provoked me. And do it again, you will see how I'll hurt you more."

"Ang liit mong babae. I haven't expected you have that strength." Nakakaloko ang ngisi nito.

"Tama na nga iyan. P'wede ba ceasefire muna kayo dahil nasa simbahan tayo?" sita ni Yvette sa kanila.

Napahiya si Lara. Para kasi silang mga bata ni Robert kung magbangayan. Paano naman kasi ay madalas siyang iniinis nito.

Wala silang imikan hanggang matapos na ang seremonyas.

"Rob, sa tingin ko may lihim kang pagtingin sa kaibigan kong si Lara," mariing sabi ni Yvette. Binisita

niya ang mag-asawa at dinalhan ng sorpresa ang baby boy ng mga ito. “Bakit ba ayaw mong aminin ang totoo sa akin? Kaibigan mo rin naman ako.”

He frowned at her. “Saan mo naman nakuha ang ideyang iyan?”

“Panay kasi ang tanong mo sa akin tungkol kay Lara. Di ba nagtatanong lang ang isang tao kapag may interest ito?” nakangising saad nito.

“Curious lang ako kung anong klaseng lalaki ang nobyo niya. Hindi ko kasi nakita si Lara na lumabas kasama ang boyfriend niya, ganoon lang.”

“Palusot ka pa. If you are that interested, I’ll tell you all about the guy. I’d say, I’ll favor you over him,” natatawang pahayag nito.

Hindi siya apektado sa pasaring ng asawa ng pinsan. Talagang curious lang siya sa nobyo ng kaibigan nito, that’s all.

“So, sa isang hotel sa Singapore pala nagtatrabaho ang nobyo ni Lara. Who would have thought, doon sana ako magpapa-book but I changed my mind,” aniya pagkatapos niyang marinig kay Yvette ang tungkol sa katipan ng babae.

“You are going to Singapore?”

Tumango ang lalaki. “Yes, I will be leaving this Friday. Bakit, may ipapabili ka ba?” balik niya.

“Can you do me a favor? I want you to check someone, please. I don’t have a very good feeling about distant relationships,” pahayag ng babae na may concern sa mga mata.

May kutob na si Robert kung sino ang ipapa-check nito sa kanya.

2

Papalabas na sa bahay ng mga Oclarit si Robert nang makasalubong niya si Lara na papasok sa malaking pinto. Ngumisi siya.

"Hello, Lara. You look..." His gaze went from her face down to her shoes, nakasuot ito ng high heels.

"Huwag mo nga akong inisin, Rob. I know I look taller because of my shoes. Masaya ka na?"

Oh, he liked annoying her. Madali kasing mapikon ang babae. Kapag nagagalit ito ay namumula ang mga pisngi at naniningkit ang mga mata. She's very cute with that expression. Gusto niya ang dalaga dahil palaban ito. In fairness, maganda ito at kahit maliit ay proportional naman ang kurba ng katawan. She's slender and had a very cute nose. The attributes that caught his attention were her full red lips. Attracted siya kay Lara, pero pinili niyang pagtakpan ang atraksyon sa pamamagitan ng pang-aasar dito kapag nagkikita sila.

"Out of my way," marahas na saad nito. Itinutulak siya nito paalis sa pintuan, pero nahawakan niya ang kamay nito. Ngumisi siya at hindi pinakawalan

ang palad nito. He deliberately examined her hand. Pilit na hinila iyon ni Lara, pero hindi pa siya tapos sa kanyang inspection. She had a gentle, soft hand. Small but long fingers at painted ang fingernails.

"Bitawan mo nga ang kamay ko!" asik nito.

He looked at her palm. "Nais ko munang basahin kung ano ang nasa palad mo," he smiled devilishly.

"Nababaliw ka na nga. A crazy lawyer."

"Hmm... Sa tingin ko, pinagtataksilan ka ng nobyo mo. You shouldn't hope too much for the guy." Nakakaloko ang kanyang ngiti bago pinakawalan ang kamay ni Lara.

"In case, ma-out ka sa iyong profession ay may nakareserba ka pa rin palang talento. Who knows, baka maraming maniniwala sa hula mo. Ano kaya ang magiging pangalan mo?"

"Oh, don't wish too high. I will be in my profession for long. I'm good at what I do," he winked at her. "Though, I will not be surprised kung naging tama ang hula ko tungkol sa nobyo mo. He didn't even bother to take you to dinner."

Lara looked stunned. "How would you know? After all, you couldn't simply watch my every move."

"Wala rito sa bansa ang nobyo mo, Lara. Over a year na tayong magkakilala, pero hindi ko pa rin siya nakikitang kasama ka. I understand he works abroad, right?"

She now looked grim. "Leave me alone. Masisira lang ang araw ko nang dahil sa 'yo."

"Oh, little Lara, you're cute kapag nagagalit ka." Kinindatan pa ni Robert ang dalaga.

"Asshole!" asik nito, sabay apak sa kanyang paa. Napasinghap siya sa sakit. Her heel dug into his shoe. Nabigla siya at hindi niya nagawang makaganti sa babae dahil nagmamadali itong pumasok sa loob ng bahay.

Napailing si Robert. He would make sure in their next encounter he would have the last word. Paika-ika siyang naglakad papunta sa kanyang kotse.

Kumukulo ang dugo ni Lara kapag magkaharap sila ni Robert. Hindi maiwasang magkatagpo sila dahil pareho nilang kaibigan sina Yvette at Brett. Hindi niya alam kung bakit siya ang nahiligan nitong pagtripan. Palagi nitong napupuna ang kanyang height. Ano naman ang magagawa niya kung siya ay maliit? Napangiti siya nang maalala ang reaksyon ng

abogado nang apakan niya ang isa nitong paa.

She disliked Robert with reason. He's rude to her at mahilig itong mang-inis. They knew each other but they never became friends. They usually exchanged harsh words each time na nagkikita sila kasama sina Yvette at Brett. She found Robert good-looking, tall and muscled. He possessed a devilish smile. Ngunit hindi niya gusto ang ugali nito. May pagkaarogante at masyadong sigurado sa sarili.

Tinanggal niya ang simangot sa mukha nang makita niya si Yvette na karga ang anak nito. "How is my inaanak?" Ngumiti siya sa kanyang kaibigan at sa five-month-old nitong sanggol.

"You look grim. I imagine na nagkatagpo kayo ni Rob," nakangising pahayag nito.

"Please, don't mention him dahil nasisira lang ang araw ko. By the way, I plan to go to Singapore this weekend. I managed to purchase a couple tickets para sa *Formula One Grand Prix*. Sosorpresahin ko rin si Emil. I'm worried about him."

"Good idea. It's time you do checking on him kaysa maghintay ka sa kanya. It's not much like him to put you on hold for months."

"I know. Siguro talagang busy lang siya,"

katuwiran niya. Emil would be surprised to see her in Singapore. Na-miss niya ang nobyo. Tatlong buwan na itong hindi tumatawag, hindi rin ito nagre-reply sa kanyang mga emails kaya nag-aalala na talaga si Lara. Nangako ang lalaki na kapag nakaipon na ito ay magpapakasal na sila.

"Did you ask any of his friends kung may contact ba sila kay Emil?" tanong ni Yvette.

"Nagtanong ako pero wala silang isinagot sa akin. Ang s'abi ng close friend niya, pabayaan ko na lang daw si Emil kung saan siya masaya. Ayaw ngang ipaliwanag kung bakit."

"Don't worry, Dear. Kapag nagkita na kayo, you'll find out what's wrong with him. He is certainly alive so you don't need to panic."

———————

Very excited na lumipad si Lara patungong Singapore sa araw ng Sabado kahit na sa Linggo pa ng gabi ang race. Nagpa-reserve siya ng silid sa mismong hotel na pinagtatrabahuhan ng kanyang nobyo.

Pagkatapos niyang makapag-check in ay sinubukan niyang hanapin sa hotel si Emil, ngunit hindi siya nagtagumpay. Malamang busy ito dahil sa rami ng turistang dumating para manood ng race.

Sosorpresahin na lamang niya ito mamaya. She planned to go to his apartment.

Pagkatapos niyang kumain at makapag-relax ay lumabas siya ng hotel at pinuntahan ang apartment na nirentahan ng lalaki. Dala niya ang paborito nilang alak. Minsan na siyang nakapunta sa tirahan ni Emil nang bisitahin niya ito noong nagdaang taon.

Si Lara ang nasorpresa pagdating niya roon dahil ibang tao na ang nakatira. Nagtaka siya kung bakit hindi sinabi ng kanyang kasintahan na lumipat na pala ito. He really became strange these few months.

Nagliwaliw muna siyang mag-isa bago siya bumalik sa hotel. Nang makabalik ay nagtungo siya sa reception desk upang mag-inquire.

“Excuse me, Miss. I would like to ask if Chef Emil Serna is on duty. I’m really hoping to see him.”

Hindi nakasagot kaagad ang receptionist. Parang nag-iisip pa ito kung sasagutin ba ang kanyang tanong o hindi.

“I came all the way from the Philippines with the desire of at least talking to him. It’s important, I only have a couple of days here, so please…”

“Ma’am, Mr. Emil Serna is no longer the head

chef of this hotel. He is now the manager. If you want to talk to him, it's probably better if you go directly to his office. Just go that way straight and turn to the left. There's a sign outside the door," turo ng babae sa kanya.

This was the second surprise, hindi kasi alam ni Lara na na-promote na pala ang lalaki. Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit itinago ito sa kanya. Marami talaga silang dapat na pag-usapan dahil marami na siyang hindi alam sa mga nangyari sa kasintahan.

Madali niyang natunton ang opisina ni Emil. Kinabahan siya kaya nag-alangan siyang kumatok. Pero kailangan talaga niyang makita ang nobyo at alamin kung saan ito nakatira para puntahan na lamang niya kung may panahon ito.

Isang tsinitang babae ang nagbukas ng pinto. Matangkad ito, maputi at napakaseksi.

"Hi, good afternoon. I am looking for the manager of the hotel and I would like to talk to him if he's not very busy," nakangiting saad niya.

"Oh, it must be business-related. Come on in, my husband is here," sagot nito na ikinabigla niyang marinig.

"Your… husband?"

"Yes, he became the manager of this hotel after we got married a month ago. Please come in," the woman replied in a very friendly manner.

"Ah… I think I made a mistake. I'm actually looking for Emil Serna."

"You came at the right office. He's here," sagot nito na halos ikinapugto ng kanyang hininga.

Nanlamig ang pakiramdam ni Lara at nanginig ang kanyang katawan. She wanted to run but she could not move her feet. Nakatayo lamang siyang nakabuka ang bibig habang nakatitig sa kaharap na babae.

"Are you okay?" concerned na tanong ng kausap. "You look pale."

"Honey, who's there?" narinig niyang tanong ng isang lalaki. She remembered his voice very well. At nang lumapit ito sa pinto ay natigilan si Emil nang makita siya. He looked pale. Nagkasukatan sila ng titig. Ang tinging ipinukol niya sa lalaki ay may galit at pait.

"Is there something wrong?" tanong ng tsinitang babae na tila napansin ang ekspresyon ng kanilang

mga mukha at kapwa hindi nakapagsalita.

Si Lara ang unang nakahuma. “I’m sorry, I never thought I’d be looking for a rat,” hindi niya sinadyang maibulalas. “I’m sorry if I interrupted something. Emil, ipinapasabi nga pala ng babaeng pinaasa mo na wala na raw kayo. Hindi niya alam na coward ka pala at sinungaling,” pasimple ngunit matalas na banggit niya sa dating nobyo. She was hurt and furious at his blatant betrayal. “Anyway, congratulations. I did not know na nag-asawa ka na pala. Have a good life then. Goodbye,” pahayag niya at nagmamadaling tinalikdan ang dalawa.

Kanina pa nais pumatak ang luha niya, pero pinigil niyang maiyak sa harapan ng mga ito. Ayaw niyang magmukhang kaawa-awa. Subalit sa sandaling tumalikod siya ay hindi na niya napigil pa ang pagbagsak ng luha mula sa kanyang mga mata.

Patakbo siyang pumunta sa kanyang silid upang doon ibuhos ang lahat ng sama ng loob. Dahil sa pagmamadali ay hindi niya nakitang may makakasalubong pala siyang tao.

Bumangga siya sa isang malaking bulto kaya sa sahig ang bagsak niya. Mas lalo pa siyang napahagulgol dahil sa katangahan niya.

"Miss, I'm sorry," narinig niyang saad ng isang baritonong tinig at tinulungan pa siyang makatayo.

Nakakahiya ang ginawa niyang pag-iyak, kaya dali-dali niyang pinunasan ang mga mata. "I'm sorry. It was my fault," aniya at tiningnan ang lalaking nakabangga niya. Nanlaki ang kanyang mga mata. Hindi siya makapaniwala nang mapagsino ito. "Robert?"

"Lara? Bakit ka umiiyak? Ano'ng nangyari?" he sounded concerned.

Umismid siya. She wouldn't let him know. He would laugh and tease her dahil tama ang hula nito. "It's none of your business," she snapped. Akmang lalagpasan niya ang kaharap ngunit bigla siya nitong hinarang.

"You are not going anywhere unless you tell me what happened to you," he demanded.

Sumiklab ang kanyang galit. Nakahanap si Lara ng tao na kanyang mapagbubuntunan ng galit.

"Mahirap bang intindihin na wala kang pakialam sa buhay ko kaya hindi ka maaaring makialam? Wala ka ring karapatan na makialam. Naiintindihan mo?"

He looked stunned by her vehemence. She then

walked past him without glancing back.

3

Humagulgol si Lara pagkapasok sa loob ng kanyang inuupahang silid dahil sa sakit na nadarama. She had not expected Emil to betray her like that. Bakit ba pinaasa pa siya nito, gayong maaari namang sabihin sa kanya ang totoo? Nagmukha pa tuloy siyang tanga sa harapan ng babaeng pinakasalan nito.

Mugto ang kanyang mga mata pagkatapos ng dalawang oras na pag-iyak. Tumigil lamang siya nang maisip na ang lalaking kagaya ni Emil ay hindi dapat iniiyakan, ang ganoong klaseng tao ay walang kuwenta. Umasa na lamang si Lara na hindi na niya ito makikita pang muli.

Nagpasya siyang lumipat sa ibang hotel kahit batid niyang mahihirapan na siyang maghanap. Pero mas nanaisin pa niyang matulog sa isang inn basta malayo lamang sa lugar na pinagtatrabahuhan ng dating nobyo.

Isinuot niya ang kanyang sunglasses para matakpan ang namamagang mga mata. Dala ang kanyang maleta ay bumaba siya upang mag-check out.

"Ma'am, is there something that you didn't like about our services?" magalang at may concern na tanong ng babaeng naka-duty sa reception desk.

"No. Something has changed in my schedule and I needed to be in some other place," sagot niya.

Papalabas na siya ng hotel nang may narinig siyang nagsalita mula sa kanyang likuran. "Bakit mo naman naisipang mag-check out? Mahirap maghanap ng matutuluyan this time dahil sa dami ng tourists." Tinig iyon ni Robert at hindi siya nagkamali.

She became more irritated and furious. Akala niya ay nilubayan na siya nito. She stopped and turned to face him.

"Which part didn't you understand? Ayokong makialam ka sa ginagawa ko. Leave me alone!" she snapped.

"Concerned lang ako dahil marami pa ngang naghahanap ng matutuluyan pero walang makitang available. Sayang kasi iyong reservation mo, pahirapan na kasi ngayon dahil maraming dumayo rito para manood ng race bukas," paliwanag nito. "Unless may nakita kang ibang matutuluyan."

Lumambot ang ekspresyon ni Lara dahil sa sinabi nito. "Talaga bang fully-booked ang mga hotels dito

sa ngayon?"

"Subukan mong magtanong sa ibang hotels at iba pang matutuluyan, baka suwertehin ka."

"Salamat sa advice mo," aniya at saka tumalikod na papalabas sa hotel.

Akala ni Lara ay tatantanan na siya ng lalaki, ngunit nakasunod pa rin pala ito sa kanya. "If you need a ride, I can help you. I rented a car," alok nito.

"Hindi ko kailangan ang tulong mo."

"Hindi kita maaaring pabayaan sa kondisyon mo ngayon. We may not be friends, pero magkakilala tayo. Besides, I'm in no mood to spar with you here. Pagbalik na lang natin sa ating bansa," ani Robert.

"Ano ba'ng pakialam mo kung wala akong makitang matutuluyan?"

"Kaibigan ko ang mga kaibigan mong sina Yvette at Brett. Hindi nila ako mapapatawad kapag nalaman nilang pinabayaan kita sa panahong maaari kitang tulungan. Huwag na muna tayong magbangayan dito dahil pareho tayong hindi taga-rito." Pinagmasdan siya nito. "Tinatanggap mo na ba ang offer ko?"

Nag-isip muna siya bago sumagot. "Kung gusto mo ng truce, fine. Wala rin ako sa mood na

makipagbakbakan sa 'yo."

"Come, maghanap tayo ng ibang matutuluyan mo." He took her luggage from her.

Tahimik silang pareho habang nagmamaneho ang lalaki. Hindi siya nito inusisa kung bakit siya umiiyak kanina. She closed her eyes. Oh, it was disgraceful, ang makita siya ni Robert na luhaan. But Emil's betrayal stung so much at masakit tanggapin na makaraan lang ng isang taon nilang relasyon ay ganoon ang sasapitin niya. He should have told her the truth.

Tumigil ang sasakyan sa unang hotel na kanilang nadaanan.

"Stay here, ako na lang ang mag-i-inquire," sabi ng binata.

"Hindi, ako na lang. Nakakahiya sa 'yo," aniya.

"You don't look... all right. Ako na lang." Hindi na nito hinintay na sumagot pa si Lara. Lumabas na ito ng kotse.

Matiyagang naghintay ang dalaga sa pagbalik nito.

Umiling-iling si Robert nang balikan siya sa kotse. "As I expected, fully-booked sila. Maraming

tourists dito dahil sa *Formula One* race tomorrow. Pero subukan nating maghanap ng iba pa. Kung wala pa ring bakante, I would suggest na doon ka na lang mag-stay sa suite ko."

"What?" It was incredulous.

"I reserved a suite for me and my two friends but they couldn't come so I ended up having a suite in a nice hotel with two bedrooms all to myself. You may as well stay in the other room dahil sayang naman. 'Yan ay kung wala ka talagang matutuluyan."

"But it would not look proper na magkasama tayong dalawa sa isang suite. Ano na lang ang sasabihin ng mga taong makakakita sa atin?" kontra ni Lara.

"Wala tayo sa Pilipinas. Hindi naman tayo magsasama sa iisang kuwarto and surely, we will not sleep together. May nakikita ka bang mali?"

He sounded logical, kaya wala siyang masabi. He was only trying to help her. Nakakapanibago lang talaga ang pagiging gracious ni Robert. They'd never been nice to each other before.

Ilang inns at lodgings ang pinuntahan nila, ngunit pulos walang bakante. Lara was disappointed.

"I think I have to accept your offer, Rob. Maghahati lang tayo sa bayad."

Walang balak si Robert na pabayaan ang dalaga na mag-isa. Malungkot ito at kailangan ng tulong. Alam niya kung ano ang dahilan ng pagluha nito.

The bastard, if only he could beat him up. Inalam niya ang tungkol kay Emil Serna dahil sa pakiusap ni Yvette. Pinakasalan ng lalaki ang anak ng may-ari ng hotel at biglang umangat ang posisyon nito. Hindi man lang nito ipinaalam kay Lara ang totoo. And the poor little woman had expected and waited for the asshole.

Dinala niya ang babae sa tinutuluyan niyang hotel at ibinigay ang bakanteng silid. "Lara, promise me na hindi ka na iiyak," aniya.

"Why would you care?"

"I just don't like seeing you in tears. Isipin mo kung dapat bang iyakan ang bagay na nagbibigay ng sakit sa 'yo. Is it worth it? I assume you're not that stupid."

She smiled at him. "Salamat." The first nice word he heard from her.

"Kung gusto mong lumabas, let me know dahil handa akong ipagmaneho kita. I have nothing else to do here but to wait for tomorrow's race. Hindi rin naman makakarating ang mga kaibigan ko."

"Nagpunta ka rito upang manood ng race?"

"Yes."

"I see. Thanks for your offer, pero wala akong balak na lumabas."

"Sige, hindi kita pipilitin kung ayaw mong mamasyal," ani Robert, sabay kibit-balikat. "See you later." Ibinigay niya rito ang isang susi at nagtungo sa sariling kuwarto.

Wala na rin siyang balak na lumabas mag-isa. Nanatili siya sa suite at nanood ng international news sa TV. Pagkatapos ay laptop ang kanyang inatupag.

Mga alas siete na ng gabi nang lumabas si Lara sa silid nito. Nandoon siya sa sala at kaharap ang laptop.. Napatigil ang babae nang makita siya at umakma itong babalik sa kuwarto nito.

"Lara, are you hungry? I am thinking of ordering food."

Napigil ito sa pag-alis at hinarap siya. Namumugto ang mga mata ng dalaga. "Honestly, gutom na rin

ako," nahihiyang pag-amin nito.

"Then, it's settled. Tatawag ako for room service." Isinara ng binata ang kanyang laptop at tinungo ang telepono upang tumawag.

Magkaharap silang nakaupo ni Lara, ngunit hindi ito makatingin nang derecho sa kanya. It was awkward for them both.

"I heard na nagpunta ka sa Italy dati," basag ni Robert sa katahimikan habang hinihintay ang kanilang pagkain.

"Oo. My mother married an Italian guy. Twice a year akong bumibisita roon noong nabubuhay pa si Mama."

"Ilang taon ka nang mamatay ang iyong ama?"

"I was fifteen. After five years, nakatagpo si Mama ng disenteng lalaki at namuhay sila sa Italya."

"Bakit hindi ka tumira kasama sila?" He was curious.

"I like living here. But I like going there for a vacation at upang bumisita rin."

It's their first normal conversation at talagang nakakapanibago. Nag-isip ang lalaki kung ano pa

ang puwede nilang pag-usapan.

"Ikaw, bakit hindi ka pa nag-aasawa?" untag ni Lara sa kanya.

"Oh, do you think may babaeng papatol sa akin for a lifetime? My career is my top priority. Though, panay ang usig ng parents ko na mag-asawa na rin gaya ni Brett."

"How about your girlfriend?"

Napatitig siya rito. "I don't go for stable relationship. I dislike demanding and possessive women who utterly wanted to be my priority over my career. Isa pa, I enjoy my life at wala pa akong balak na mag-asawa. Kung mag-aasawa ako, it should be with the right woman. I haven't found her yet."

Tumangu-tango ito. "Manonood ka pa ba bukas ng race?" pag-iiba nito sa usapan.

Nagkibit-balikat ang binata. "I don't know. I don't like going there alone. Gusto mo bang manood?"

"I planned pero wala na akong intensyon na manood."

"I see." He didn't prod for explanation but he already guessed.

"Uuwi na ako bukas. If you want to laugh at my pitiful circumstances ay okay lang. I really became pathetic. I learned my lesson. I will not make such mistake again," she declared.

Tumangu-tango siya. "Bahagi ng buhay. Minsan kailangan nating makaranas ng pagsubok to be wise and strong especially in the matters of the heart."

Tumaas ang kilay nito. "Talking from experience?"

"Parang ganoon."

Natigil ang usapan nila nang dumating ang kanilang dinner. Wala silang imikan habang kumakain. Nagkaroon ng chance si Robert na matitigan nang malapitan ang dalaga. He noticed her long eyelashes. Her face was flawless. She's morena. His eyes focused more on her lips. Napatigil siya sa pagsubo habang nakatitig sa dalaga na nasa pagkain lang ang atensyon.

Bigla itong nag-angat ng tingin at nahuli siyang nakatingin dito. Nagkatitigan sila.

"You seemed hungry." Siya ang unang nakabawi at bahagyang ngumiti. Napansin niyang tapos na pala itong kumain.

"Thanks for the dinner, Rob. I'd like to share half

of the bill."

Umiling siya. "Huwag mo nang isipin iyon."

"I still insist. Just let me know. I have to go back to my room now and rest. See you tomorrow. I'll be leaving in the afternoon." At nagtungo na ang babae sa kuwarto nito. Sinundan niya lamang ito ng tingin.

Nang si Robert naman ang nasa silid niya, hindi siya makatulog. Inisip niya kung tutuloy ba siyang manood ng race bukas.

He got up and changed clothes. Lalabas siyang mag-isa dahil naiinip siya. Nainis siya sa kanyang mga kaibigan na hindi man lang nagpasabi kaagad na hindi makakapunta ang mga ito sa Singapore bago siya umalis ng Pilipinas.

4

Nagpunta siya sa isang bar at nagpalipas ng oras doon.

Pagbalik niya sa hotel ay napatda siya nang makita si Lara na nakaupo sa living room at nakatungo ang ulo. Napansin niya ang bote ng alak at ang wineglass na wala ring laman.

“Lara?” Tinawag ito ni Robert nang dalawang beses bago ito nag-angat ng mukha. Goodness gracious, manipis na nightgown ang suot nito!

“Rob?” She looked up and squinted her eyes.

“Ano’ng ginagawa mo rito? You should be in bed,” sermon niya. Panay ang lunok niya nang mapadako ang kanyang tingin sa hinaharap ng suot ng dalaga. Her cleavage was showing, enticing his hungry eyes.

“Bakit ngayon ka lang dumating? Nambabae ka?” anito, sabay tayo at dinuro siya nito sa dibdib. Gumiwang ito, mabuti na lang at nahawakan niya si Lara. Naamoy niya ang alak sa hininga nito at napansin niyang namumungay ang mga matang nitong nakatitig sa kanya. She’s drunk.

"Hindi ako nambabae. Nagpunta lang ako sa bar para uminom. Hinihintay mo ba ako?" Hinawakan niya ito sa baywang at hinapit palapit sa kanyang katawan.

"I was looking for you. Gusto kong mag-inuman tayo, pero nawala ka bigla. Uminom na lang akong mag-isa." She hiccupped and shrugged her shoulders.

"Did you drink the entire bottle?" Robert became aware of the temptation in his arms. Uminit ang katawan niya, but he was not yet ready to let her go.

"Of course. I brought it para sana sa reunion namin ni Emil, pero huli na ako." She then looked sad and on the verge of crying.

"Don't you dare cry in front of me because of that asshole. He doesn't deserve you. Dapat magpasalamat ka at nalaman mo kung anong klaseng lalaki siya."

Nanlaki ang mga mata ni Lara. "Magpasalamat na sinaktan niya ako at ininsulto? Are you dense? Bitawan mo nga ako!"

Hindi niya pinansin ang sinabi ng dalaga. Inalalayan niya itong maupo sa upuan.

"Hindi siya ang para sa 'yo. Maiintindihan mo rin."

Tumaas ang kilay nito. “Ganoon ka rin siguro sa mga naging nobya mo, ’no!”

“I’m not a coward. Kapag ayaw ko na ay sinasabi ko nang prangkahan.”

“I’d prefer honesty, too. Dapat kong tanggapin na wala akong sex appeal. I’m not beautiful at short pa. Sino ba naman ang magmamahal at tatanggap sa akin? Iyong asawa ni Emil ay talagang sexy at matangkad. I should not blame the guy dahil ako ang may pagkukulang.”

“Don’t say that. He’s just ambitious. Gusto niyang umangat kaya pinakasalan niya ang anak ng may-ari ng hotel. Posible ring umibig siya sa babae. Pero ang hindi pagsabi sa ’yo ng totoo ay isang kaduwagan. He doesn’t deserve your love and tears.”

“Matagal mo nang alam ito?”

“Kaninang umaga ko lang nalaman. Kakilala ko ang may-ari ng hotel. I was introduced to your ex and his wife.”

Tumawa nang pagak si Lara. “Now you have a lot of ammunition to fire on me. Kinakaawaan mo siguro ako nang makita mo akong umiiyak,” pahayag nito.

“Hindi. I was relieved that you found out the

truth." Hindi ito nakasagot. Nakapikit ang mga mata ng kausap. "You should go to bed."

Tumango ito. Nang buhatin niya ang dalaga ay hindi ito nagprotesta. She hiccupped again. She entwined her fingers around his neck. Napailing-iling si Robert. This woman was a temptress.

Ibinaba niya si Lara sa paanan ng kama nito nang makarating sila sa silid ng babae. "You are tempting me," he whispered when she refused to let him go.

Her eyes opened wide and she smiled seductively. "I've never known that I could tempt a man like you," she uttered.

Napatayo siya kahit na nakalambitin pa rin ang babae sa kanyang leeg. "I'm almost tempted to kiss you."

"Try me," she challenged him.

And with that, Robert lost his self-control. Kinuyumos niya ito ng maiinit na halik. He was rough but when she responded openly to his kisses, it turned into a passionate, heat-intensifying kiss. He savored the softness of her lips and the sweetness of her kisses.

Nabigla siya sa agresibong pagtugon nito sa

kanyang halik. Nalasahan niya ang alak sa bibig nito, ngunit para sa kanya ay matamis iyon. Her eagerness equalled his desire and the intensity of it. He held her head and ravished her mouth hungrily. Napaungol siya; hindi inasahan na masarap palang humalik ang babae.

Kapwa sila napaungol. Napilitan ang binata na putulin ang matamis nilang halikan nang may maalala. Lara was not in her usual self. Nakainom ito at nasasaktan sa sinapit na kabiguan sa nobyo. Ayaw niyang pagsamantalahan ang kahinaan nito.

"I hope you'll kiss me like this when you're sober," bulong ni Robert sa tainga nito. He kissed her ear and the hollow of her neck. "Matulog ka na. I already gave you a goodnight kiss. Sana matandaan mo kinabukasan ang gabing ito."

Umiling ang dalaga. "Hindi. That was not enough. I want to feel something more passionate. At ikaw ang magbibigay sa akin ng ganoon. I know I'm no beauty but please, Rob, make me a woman tonight. Humihingi ako ng pabor." At ikinawit nito ang mga kamay sa kanyang leeg. He groaned and was already aroused by her bold request.

"Baby, do you even know what you're asking?"

Idinikit pa lalo ng dalaga ang katawan sa kanya. She smelled of lemon soap. Her mounds rubbed his chest. Kung hindi lang lasing ang babae, kapiling na niya ito sa kama kanina pa. Alam niyang dala ng nadarama nitong kabiguan at kalasingan kaya nakapagsalita ito sa kanya nang ganoon.

"I want you to make love to me, kahit ngayong gabi lang. Please, make me feel beautiful and desirable."

His throat went dry. His pulse quickened. Kaunting-kaunti na lang at sasabog na ang kanyang self-control. "You are beautiful and desirable to me, pero hindi ko kayang pagsamantalahan ang kalagayan mo."

"Hindi mo kailangang magsinungaling, Rob. Alam kong hindi ako maganda. Alam ko ang hinihiling ko sa 'yo, for tonight lang. I want to experience passion with you. This is my night and I will have it my way. Kung ayaw mo, maghahanap na lang ako ng ibang lalaki na papayag sa gusto ko. I want to lose my virginity tonight. I reserved it for the man I will marry, ngunit wala na akong pag-asa na makapag-asawa pa. The man I loved and trusted broke my heart." At kumawala ito sa kanya.

But he grabbed her back into his arms. That's it.

He exploded. “I will not let any man touch you. If you must, ako na lang.”

Ngumiti nang pagkatamis-tamis si Lara. Her eyes were still dazed and her lips red and swollen.

Tinitigan niya ito. “Sigurado ka ba sa gusto mo? Binibigyan kita ng pagkakataong magbagong-isip,” paos na sabi niya. His hand went down to her behind. A tide of sensual urgency rolled his entire body. He had never been this aroused to any woman before.

“Oh... it felt good to be in your arms and you smell good. Sigurado ako. I’d prefer you than anyone else. Tandaan mo, ngayong gabi lang ang hiling ko. Bukas iisipin natin na walang nangyari, ganoon lang. Just like a one-night stand. Are in or out?” tanong nito. She looked up with wide, glittering eyes. She licked her lips again.

“Definitely in. Ngayong gabi ay magiging akin ka, Lara. Sana bukas hindi ka magsisi. But tonight, I will make you forget him.” Then Robert captured her lips. Kinarga niya si Lara at dinala sa silid nito.

Pinahiga niya ito sa kama. Nakapikit ang mga mata nito. “Have you changed your mind?” he asked huskily.

Biglang bumukas ang mga mata ng babae. “I’m

light-headed but not drunk, Rob. Alam ko ang aking hinihiling at hindi nagbago ang isip ko. Make love to me like there's no tomorrow," turan nito na nakatingin sa kanya nang derecho. Her eyes were bright.

Bumangon ito at tumayo sa ibabaw ng kama. Napatingala siya. Under the bright light in her bedroom, she discarded her nightgown without leaving his gaze.

Nanlaki ang kanyang mga mata nang tumambad ang alindog nito. She's small but in perfect proportion, with curves in the right places. She's a beauty to worship. Ilang beses siyang napalunok.

Walang kakurap-kurap na sinuyod niya ng tingin ang napakagandang kabuuan nito. "My, Lara, such beauty makes me starve. I am going to taste every inch of you," he promised, his eyes full of desire.

Robert knelt on the bed, he grabbed her waist and pressed her body to his face. He kissed her belly down to her navel. He savored the taste of her skin. Oh, she tasted good! Ang kamay niya ay pababa at pataas ang haplos habang ang kanyang mga labi ay patuloy na hinalikan ang malambot nitong katawan.

She moaned softly. "Don't stop."

"Lie down, Baby. Let me give you more." He

pushed her gently down the bed. May pagmamadaling tinanggal niya ang sariling saplot.

Napakagat-labi si Lara at nanlaki ang mga mata nito nang makita ang kanyang kahubdan. Pataas-baba ang tingin nito. She swallowed and licked her lips when her eyes focused on his arousal.

She didn't flinch when he hovered over her warm body. He kissed her eyes, her forehead, the bridge of her nose. His mouth settled on her parted lips. Her mouth felt so wondrously soft, and the sweet taste made him ravenous for more.

Pinalakbay ni Robert ang mga kamay sa hubad na katawan ng kaniig at tinikman ang bawat madaanan niyon. Lara moaned loudly for each pleasure he gave her, it made him crazy. She responded by touching his chest, shoulders and arms, at napahawak ito sa kanyang buhok nang maramdaman nitong hinalikan niya ang maselang bahagi ng katawan nito. She was like fire in his arms, and her wild uninhibited response made him tremble from too much desire.

Binigyan niya ng nakakaliyong halik sa labi ang babae. Gamit ang kanyang tuhod ay pinaghiwalay ng binata ang mga hita nito. His hard arousal pressed against hers.

"Look at me, Baby. I want you to know that it is me." He thrust gently inside her. She gasped and winced. Alam niyang nasaktan ang katalik dahil unang karanasan nito iyon, kaya tumigil siya para maka-adjust ito.

When she moved her hips, he tried again, plunging fully inside her. He thrust in and out, making her gasp for each pleasure.

Lara looked up his face as he went hard and deep inside her body. He saw a display of varied emotions in her eyes as she writhed underneath him. "Oh, Rob!" naibulalas nito nang marating ang rurok ng kaluwalhatian.

He growled in response and buried himself deep inside her and exploded into a wonderful ecstasy.

He got himself off her when pleasurable tension receded. Niyakap niya si Lara at inihilig ang ulo nito sa kanyang dibdib.

"Hindi ko akalaing ganoon pala kaganda ang karanasang iyon," sambit nito na nakangiti. "Salamat, Rob."

Ipinikit ng dalaga ang mga mata, hindi tuloy nito nakita ang malapad at masaya niyang ngiti. After few minutes, she was asleep in his arms. Robert

didn't move, he stayed there. He wanted to savor this memorable night with Lara.

When the dawn was breaking, may pag-alinlangang lumipat ang binata sa kanyang silid. He respected her words that he'd have her only for a night. Hindi rin niya alam kung paano magre-react ang dalaga kapag nasilayan siya nito sa paggising.